

Umupo ng hindi bababa sa 15 minuto at obserbahan ang sarili matapos magpabakuna.

Mangyaring mag-iingat laban sa mga nakakahawang sakit habang naghihintay.

(magsuot ng mask, panatilihan ang distansiya mula sa taong katabi, at iwasan ang pakikipag-usap.)

□ Kung mayroon matinding mga sintomas sa alerhiya lalo na kabilang ang anaphylaxis sa nakaraan, o sumama ang pakiramdam o hinimatay dahil sa pagkukuha ng dugo, mangyaring maghintay ng halos 30 minuto.



Sa araw ng pagbabakuna

Tungkol sa mga sintomas na maaaring lumitaw kaagad pagkatapos ng pagbabakuna.

Anaphylaxis	<ul style="list-style-type: none"> • Ito ay isang reaksiyon ng alerhiya na maaaring maganap pagkatapos uminom ng gamot o pagkain na pumasok sa katawan. • Ang mga sintomas sa balat tulad ng tagulabay, sintomas sa dihestibo tulad ng sakit sa tiyan at pagsusuka, at mga sintomas tulad ng hinahabol ang pahihinga ay biglang nangyari. Ang anaphylactic shock ay nauugnay sa pagbaba ng presyon ng dugo o pagbawas ng kamalayan (hindi tumutugon sa tawag). • Bihiro itong mangyari. Gayunpaman, kung makakaranas ng anaphylaxis pagkatapos ng pagbakuna, inihahanda ang mga gamot sa lugar ng pagbabakuna at mga institusyong medikal para sa agarang tugon.
Vasovagal Reflex	<ul style="list-style-type: none"> • Dahil sa kaba o kaya'y matinding sakit dulot ng bakuna maaaring maging sanhi ito ng pagkahilo at kung minsan ay hinihimatay. • Isang reaksiyon sa katawan na maaaring mangyari sa sinuman, karaniwan magpahinga lamang at kusa itong gumagaling. • Umupo sa isang upuan na may sandalan at obserbahan ang katawan upang maiwasan sa pagkatumba at magkapinsala.

Pag-iingat sa araw ng pagbabakuna

Walang problema sa normal na pamumuhay, ngunit iwasan ang mabigat na ehersisyo at labis na pag-inom ng alak. Panatilihing malinis ang lugar ng pinagbakunahan. Ang paliligo sa araw ng pagbabakuna ay walang problema, ngunit huwag kuskusin ang lugar na iniksiyon.



Ilang araw

Tungkol sa mga sintomas na maaaring lumitaw sa loob ng ilang araw pagkatapos ng pagbabakuna.

Rate ng pagpapahayag	Mga Sintomas
50% mahigit	Sakit sa bahagi ng pagbabakuna, pagkapagod, sakit ng ulo
0 hanggang 50%	Sakit ng kalamnan, panginig, sakit sa kasu-kasuan, pagtatae, lagnat, pamamaga ng lugar ng pagbabakuna
1 hanggang 10%	Pagduduwal, pagsusuka

Muling inayos mula sa nakasulat sa parsela ng galing sa Comirnaty.

Maraming tao ang nakadarama ng sakit sa susunod na araw kaysa pagkatapos ng pagbabakuna.

Karamihan sa mga sintomas na ito ay gumagaling naman agad sa loob ng ilang araw pagkatapos ng pagbabakuna.

Ang ilang mga sintomas, tulad ng pagkapagod, sakit sa kasu-kasuan, at lagnat, ay mas madalas na mararamdaman sa pangalawang pagbabakuna kaysa sa una.

◎ Makipag-ugnay para sa bakuna sa Coronavirus.

Kapag may sumasama sa iyong katawan pagkatapos ng pagbabakuna	➔ Nabakunahan ang mga institusyong medikal, mga doktor ng pamilya, munisipalidad at tanggapan ng prepektura.
Mga katanungan tungkol sa pagbabakuna sa pangkalahatan	➔ Makipag-ugnay sa munisipyo

◎ Tungkol sa relief system ng pinsala sa kalusugan para sa nagpabakuna.

Ang pagbabakuna ay maaaring maging sanhi ng mga problema sa kalusugan (karamdaman o kapansanan). Bagama't ito ay napakabihira hindi maaalis ang panganib, kung kaya't itinatag ang relief system.

Sa kaso ng pinsala sa kalusugan bilang resulta ng bakuna sa coronavirus, mayroong relief (medikal na gastos, benepisyo ng pensiyon para sa kapansanan, atbp.) sa ilalim ng Batas para sa Pagbabakuna.

Mangyaring kumunsulta sa munisipyo kung saan matatagpuan ang iyong tirahan tungkol sa mga pamamaraan na kinakailangan para sa aplikasyon.

Kung ang Minister of Health, Labor and Welfare ay napatunayan na ang panganib sa kalusugan ay dahil sa pagtanggap ng bakuna, ang munisipyo ay magbibigay ng mga benepisyo. Para ito ay mapatunayan, ang binubuo ng bakuna/impeksyon/medikal/batas ng bansa para sa Disease and Disability Certification Examination Board ay magsusuri upang matukoy ang ugnayan ng naging sanhi nito.

Ang bakuna ay ibinibigay nang dalawang beses

● Para sa unang pagbabakuna

•Upang makuha ang buong epekto ng bakuna, kailangan kumuha ng parehong bakuna nang dalawang beses sa pangkaraniwang agwat.

•Ang pangalawang pagbabakuna ay dapat ibigay sa lalong madaling panahon, karaniwang tatlong linggo pagkatapos ng unang beses sa araw ng bakuna.

•Para sa ikalawang paraan ng pagpapareserbasyon, mangyaring kumpirmahin ang gabay na ibinigay ng institusyong medikal o munisipalidad sa iyong natanggap sa unang bakuna.

•Nakasalalay sa uri ng mga sintomas na lilitaw pagkatapos ng pagbabakuna, maaaring mas mabuting hindi na magpabakuna sa pangalawang dosis. Kung mayroon mga sintomas ng pag-aalala pagkatapos ng pagbabakuna, mangyaring kumunsulta sa iyong nabakunahang institusyong medikal o doktor ng pampamilya, kasama na kung makakatanggap muli ng pangalawang dosis.



● Para sa pangalawang pagbabakuna

•Nakumpleto nito ang pagbabakuna.

•Pagkatapos ng pagbabakuna, mangyaring mag-ingat kung mayroong anumang pagbabago sa iyong pisikal na kondisyon tulad ng sa unang pagbabakuna.

Kahit tapos ng makatanggap ng bakuna, mangyaring magpatuloy mag-ingat tulad ng pagsusuot ng mask.

Inaasahan na mapipigilan ng mga nabakunahan ang pagsimula ng mga bagong impeksyon sa coronavirus, ngunit hindi alam kung hanggang saan maiiwasan ang mga impeksyon sa iba. Gayundin, habang unti-unting umuunlad ang bakuna, hindi lahat ng tao ay mababakunahan kaagad. Ang mga nakatanggap ng bakuna at ang mga hindi pa nakatanggap ng bakuna ay magkakasamang mamuhay sa isang buhay panlipunan. Para sa kadahilanang ito, hinihiling namin na magpatuloy mag-ingat laban sa impeksiyon. Partikular na iwasan ang "tatlong klaseng pagsisiksik (siksikan, malapitan, saradong lugar)", magsuot ng mask, hugasan ang mga kamay sabay sa pagsasabon, at disimpektahan ng alkohol ang mga kamay.

Para sa karagdagang impormasyon sa bagong bakuna tungkol sa coronavirus, mangyaring bisitahin ang website ng Ministry of Health, Labor and Welfare.	Ministry of Health, Labor and Welfare Corona Vaccine	Search
Kung hindi mo makita ang website, mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na munisipalidad.		